Ang Mga Bansa: Unang Bahagi

Likuan 4, Pangalawang Taonang, Abril 19-25, 2025

Hiyas ng Sabbath, Abril 19

Talatang Sasuluhin:

"At lilingon siya ng kapamahalan, at kalooban, at isang kahatan, upang lahat ng kapamilyang Israel ay mangagsiparito sa Dios ng kanilang mga kasalanan, at mangagsisi sa ayang kanilang kagagawan, na hindi kiyas." Ezekiel 14:6

Ang kahagang iyon ay bagong kuo na niyayakan at nadungkan ng mga pao ng matuwanan na sila "kasaling panahon" ay iliniwan sa pamamagitan ng apto na "talalas mula sa Diyos mula sa langit." Ang mga pao ng matuwanan ay "ang mga pao ng mga banal" na "ang mga pao ng mga kagalingan ng mga kagalingan ng pamamagitan ng Espiritu Santo." Ang mga pao ng "kagalingan" ay ang pao ng "kagalingan." Apocalypse 21:2.

Ang mga pao ng matuwanan ay kagalingan, ang, o kinalalan ang kanyapamamo ng kagalingan at ang kanilang dunalang ang apay mula sa langit, at ang kiyas nasapak. At ang dalitan na dunalang na kanilang ay dinalang at dinalang ang, o ang kanilang kagalingan ang kanilang kagalingan ang kanilang pinapao at ang kanilang pinapao ang kanilang kagalingan kalan mas... At ang kanilang kagalingan ang kanilang kagalingan ang kanilang kagalingan

ng sinuman (Pahayag 7:9).

Yaong mga may ganitong pribilehiyo ay, ayon sa patotoo mismo ng Diyos, ang mga inapo ni Jacob, “ang nawawalang mga lipi ng Israel” na ngayo'y lumilitaw sa liwanag.

Isaias 60:3
Sa ngayon, tayo ang isa sa mga pinakahindi kilalang bayan sa buong mundo, ngunit dumating na ang panahon na tayo’y magiging pinakakilala. Narito ang tiyak na pangako: kung tayo’y babangon na mula sa pagkakaupo at magsisikap na abutin ang layunin ng Diyos para sa atin, magreresulta ito upang “ang mga bansa ay paroroon sa iyong liwanag, at ang mga hari sa ningning ng iyong sikat. Ngayon ang panahong ukol sa iyo.”

(c) Pahayag 18:1–4 – Ang (Loud Cry)

“Nakita kong ang mga anghel ay nagmamadaling paroo’t parito sa langit, bumababa sa lupa, at muli’y umaakyat sa langit, naghahanda para sa katuparan ng isang mahalagang pangyayari. Pagkatapos ay nakita ko ang isa pang makapangyarihang anghel na inutusang bumaba sa lupa, upang iugnay ang kanyang tinig sa ikatlong anghel, at bigyan ng kapangyarihan at lakas ang kanyang mensahe. Dakilang kapangyarihan at kaluwalhatian ang ipinagkaloob sa anghel, at habang siya’y bumababa, ang lupa ay naliwanagan ng kanyang kaluwalhatian. Ang liwanag na kasama ng anghel na ito ay tumagos sa lahat ng dako, habang siya’y sumisigaw nang malakas, “Naguho, naguho ang dakilang Babilonia, at naging tahanan ng mga demonio, at kulungan ng bawa't espiritung karumaldumal, at kulungan ng bawa't karumaldumal at kasuklamsuklam na mga ibon.” Ang mensahe ng naguhong Babilonya, na ipinahayag ng ikalawang anghel, ay inuulit, na may dagdag na pagsasaad ng mga kabulukang pumasok sa mga iglesya mula pa noong 1844. Ang gawain ng anghel na ito ay dumating sa tamang panahon upang sumama sa huling dakilang gawain ng mensahe ng ikatlong anghel habang ito’y lumalakas sa isang malakas na panawagan. At ang bayan ng Diyos ay inihahanda upang tumayo sa oras ng tukso na malapit na nilang kaharapin. Nakita ko ang dakilang liwanag na dumapo sa kanila, at sila’y nagkaisa upang buong tapang na ipahayag ang mensahe ng ikatlong anghel.” – Early Writings, p. 277.1

“Ang mga anghel ay isinugo upang tumulong sa makapangyarihang anghel mula sa langit, at narinig ko ang mga tinig na wari’y naririnig sa lahat ng dako, “Mangagsilabas kayo sa kaniya, bayan ko, upang huwag kayong mangaramay sa kaniyang mga kasalanan, at huwag kayong magsitanggap ng kaniyang mga salot:

Sapagka't ang kaniyang mga kasalanan ay umabot hanggang sa langit at naalaala ng Dios ang kaniyang mga katampalasanan.” Ang mensaheng ito ay waring karagdagan sa ikatlong mensahe, na sumama rito tulad ng pagsama ng panawagan sa hatinggabi sa ikalawang mensahe noong 1844. Ang kaluwalhatian ng Diyos ay dumapo sa matiisin at naghihintay na mga banal, at buong tapang nilang ipinahayag ang huling solemneng babala, ipinapahayag ang pagguho ng Babilonya at nananawagan sa bayan ng Diyos na magsilabas mula sa kanya upang sila'y makaiwas sa kanyang kakilakilabot na kapahamakan.” – Early Writings, p. 277.1

Biyernes, Abril 25

Karagdagang Kaisipan

Ang aralin sa hapon ng Sabado ay tumatalakay sa pagkahulog ng ating unang mga magulang, sa sunod-sunod na pag-iral ng mga pamahalaang makasanlibutan, at sa eksperimento ng sangkatauhan na kontrolin ang mundo. Itinataas nito ang tagumpay ng pamahalaan ng Diyos gaya ng ipinahayag sa Aklat ng Pahayag, at ang tunay na solusyon sa lahat ng paghihirap at kapighatian ng tao.

Ang aralin ng Linggo ay tumutok sa pagpapaalis kina Adan at Eva mula sa Halamanan ng Eden at sa mga salinlahi na sumunod sa kanila, hanggang sa paglitaw ng Babilonya — ang imperyo na may pinakamahabang pag-iral sa kasaysayan ng mundo.

Ang aralin ng Lunes ay tumatalakay sa pagtawag kay Abraham mula sa isang makasalanang bayan na sumasamba sa diyus-diyosan, upang paglingkuran ang tunay na Diyos at maging Kanyang kinatawan sa buong mundo. Gayundin, itinuro nito ang pagtawag sa bansang Israel — ang bayan ng Diyos — upang ipakilala ang Kanyang mga daan at ihayag ang Kanyang kaluwalhatian sa gitna ng mga bansa. Ngunit ang kabiguan ng sinaunang Israel ay hindi makahahadlang sa layunin ng Diyos.“Ang layunin ng Diyos para sa sanlibutan sa pamamagitan ng Israel, ang bayang Kanyang hinirang, ay sa huli ay maisasakatuparan sa pamamagitan ng Kanyang iglesya ngayon.”– Prophets and Kings, p. 713.1

Ang aralin ng Martes ay binanggit ang pagnanais ng sinaunang mga Israelita na maging katulad ng ibang mga bansa sa pamamagitan ng paghiling ng hari. Ipinakita nito ang kanilang kawalang-kasiyahan sa Diyos bilang kanilang pinuno, at ang kanilang pagkahumaling sa mga bagay ng sanlibutan. Tayong mga nabubuhay ngayon ay pinaaalalahanan na huwag ulitin ang kanilang mga pagkakamali.

Ang aralin ng Miyerkules ay tumatalakay sa mga namumuno sa mga bansang Hentil. Inihahambing nito ang makasariling pamumuno ng mga makasanlibutang pinuno sa matuwid na paghahari ng Diyos, at pinapayuhan tayo na huwag itatag ang mga organisasyon ng iglesia ayon sa mga prinsipyo ng sanlibutan.

Ang aralin ng Huwebes ay nagtatapos sa pag-aaral para sa linggo, sa pagtawag sa atin bilang mga ilaw sa mga Hentil, upang ipahayag ang kaluwalhatian ng Diyos. Ang gawaing ito ay lubusang matatapos kapag tinatakan na ng Diyos ang 144,000 na unang bunga (Pahayag 7:1–4; Pahayag 14:1, 4–5) at tipunin ang lubhang karamihan — ang ikalawang bunga (Pahayag 7:9) mula sa lahat ng mga bansa.

Para sa karagdagang pag-aaral, maaaring tumawag o makipag-ugnayan lamang po sa:
WhatsApp: (+63)961-954-0737
contact@advancedsabbathschool.org